

### **AnakBayan-Kalinga**

#### **Kabataan Magkaisa at Lumaban...**

##### **Igiit ang Karapatan sa Edukasyon!**

Walang sinumang kabataan ang hindi naghahangad na makapasok sa eskwelahan at makatapos ng pag-aaral upang magkaroon ng magandang kinabukasan. Kahit mismo ang ating mga magulang ay handang magtiis at magkandarapa sa sobra at matinding kahirapan para lamang maitaguyod ang ating pag-aaral. Ngayoy muli na naman tayong mahaharap sa isa pang mas matinding krisis dahil sa plano ng administrasyon ng Kalinga-Apayao State College (KASC), ito ay ang pagtaas ng matrikula sa 66% para sa susunod na pasukan, kaya mula 60.00/unit ito ay magiging 120.00/unit sa susunod na taon para sa mga bagong mag-aaral bukod dito patuloy na magtataas ang tuition fee kada taon hanggang abutin ang target na 300.00/unit sa taong 2020.

Sa isang banda ay hindi rin maikakaila na ang mismong gobyerno na dapat ay nangangalaga sa karapatan at nagsisiguro sa pagpapatupad ng tungkulin nito ang siyang numero-unong nagbabalewala rito. Dahil sa matitinding kalitas sa budget ng serbisyo-sosyal kasama na ang budget sa edukasyon, nahihirapan ngayon ang mga Pamublikong Eskwelahan na maghanap ng dagdag na pagkukunan upang sustentuhan ang kalidad ng edukasyon.

Naniniwala kami na ang kakulangan sa pondo para sa operasyon ng kolehiyo ay mahahanapan ng iba pang solusyon at hindi ang ipagpilitan na makalikom ng pondo mula sa mga dagdag na bayarin ng mag-aaral. Mali na ipagpilitan na tustusan ng mga estudyante ang kakulangang ito. Sa tindi ng kasalukuyang krisis hindi ito makatarungan! Maliwanag na ang sosyal na serbisyo kung saan kasama ang sektor ng edukasyon ay dapat na binibigyan ng pangunahing atensyon ng gobyerno bilang tungkulin nito sa mamamayang Pilipino. Hindi dapat na ang utang-panlabas at panloob at ang budget ng National Defense ang binibigyan ng prayoridad.

#### **BALIK TANAW:**

Taong 2006 ipinatupad ang 20% ng pagtaas ng tuition (mula sa proposal na ginawa sa panahon ng panunungkulan ni Mrs. Venus Lammawin), kaya mula sa 50.00/unit ito ay naging 60.00/unit. Ipinatupad ito sa kabila ng petisyon at ng kawalan ng konsultasyon sa mga estudyante. Ganito rin ang pangyayari nuong 2007 ng lihim na pinatawan ng 500.00/semester ang kada estudyante, ito ay sa

panunungkulan ng hanggang ngayoy presidente na si Mr. Eduardo T. Bagtang. Ang mga pangyayaring ito at iba pang pagtaas sa miscellaneous (library, laboratory, at iba pa) ay pawang paglabag sa R.A. 6728 at CHED Memorandum #14.

Muli na namang ipinakita ng mga pangyayaring ito na ang administrasyon o pamunuan ng KASC ay walang pagpapahalaga sa karainan ng mga kabataang estudyante. Na ang tangi na lamang nilang hangad ay ang ipapasan sa estuyante ang mga pangangailangan ng eskwelahan. At higit sa lahat pinapatunayan nito ang kahandaan nilang kitlin ang karapatang makapag-aral at makilahok sa konsultasyon.

#### **ANG AMING PANININDIGAN AT PANAWAGAN:**

Matigas na tinututulan ng Anakbayan-Kalinga (bilang organisasyong nagsusulong sa interes ng mga kabataan) ang anumang hakbangin ng KASC na magtaas ng matrikula at iba pang dagdag bayarin. Ito ay isang tuwirang pagpatay sa karapatan ng mga mag-aaral sa makamasa at kalidad na edukasyon! Gayundin na aming konkondenarin ang anumang paraan ng panlilinlang o/at panloloko na isasagawa ng administrasyon para lamang maigiit ang kalokohang ito!

Bagkus manindigan ang administrasyon ng KASC na igiit sa Gobyerno na dagdagan ang budget sa sector ng Edukasyon. Makiisa at makipagtulungan sa nasyunal na panawagang labanan ang budget cut! Ipawalang bisa ang inutil na Education Act of 1982 at makilahok sa protesta ng mamayan sa upang itaas ang budget sa sector ng edukasyon!

Naninindigan rin kami na idaan sa tamang konsultasyon at huwag lutuin ang proseso kaakibat ng mga planong pagtataas ng bayarin. Hindi lihim at dinoktor tulad ng nakaraang...

Naninindigan rin kami sa labanan ng mga estudyante at mamamayan ng Kalinga na tulungan kami sa labang ito at huwag magpalinlang at matakot na makiisa, makipaglaban ang karapatan sa makamasa na edukasyon! Ang kinabukasan ng kabataan ang kakasalanay ng ating mga kapatid, anak at magulang. Hayaang natin itong hayaang yurak at kontrolin ng ilan lamang...

Tutulan ang pagtataas ng matrikula!  
Itaas ang budget sa edukasyon!  
Ibasura ang Education Act of 1982!

Inihanda ng kalihiman,  
**ANAKBAYAN-KALINGA.**

